UNDER REVIEW. This document and the underlying issues are under review by the U.S. Department of Education and the U.S. Department of Justice (as of July 26, 2021). Please note that this notation does not have the effect of rescinding this document or reinstating prior guidance.

humantong sa pagpapalubag ng loob ng indibidwal na biktima, at sa anumang ibang hakbang na kailangan upang tumalima ang tumatanggap. Maaaring kabilang sa mga remedyo ang pagtatama ng rekord ng mag-aaral na tinrato ng naiiba, na isasauli ang anumang partikular na benepisyo na hinadlangan dahil sa pagdidisiplinang may diskriminasyon, o ang paglalaan ng mga serbisyong akademiko na hindi natanggap ng mag-aaral dahil sa isang desisyon ng pagdidisiplina na may diskriminasyon. Halimbawa, kung ipinagkait sa biktima ang isang iskolarship ng paaralan o aliwalas sa matrikula dahil sa pagdidisiplina na may diskriminasyon, ang iskolarship na iyon ay dapat ibalik, at anumang matrikula na pinabayaran bilang resulta ng pagtanggal ng aliwalas sa matrikula ay dapat ibalik sa mag-aaral.

Hindi angkop para sa OCR o sa paaralan na magtakda ng mga kota ng lahi o mga salik sa proporsyon ng mga hinihingi para sa suspensyon o iba pang mga paghihigpit sa pagdidisiplina bilang remedyo sa diskriminasyon.[8]

Pansinin: Ang Kagawaran ay nagpasiya na ang T&S na ito ay mahalagang gabay na dokumento sa ilalim ng Final Bulletin for Agency Good Guidance Practices of the Office of Management and Budget, 72 Fed. Reg.3432 (Enero 25, 2007). Ang dokumentong ito ay walang idinadagdag sa mga hinihingi ng naaangkop na batas. Kung mayroon kayong mga tanong o interesado sa pagbibigay ng puna sa dokumentong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon sa ocr@ed.gov o 800-421-3481 (TDD: 800-877-8339).

[8] Halimbawa, binura ng isang pederal na hukuman na apela ang isang probisyon na nagbabawal sa “distrito ng paaralan na ipadala sa disiplina ang mas mataas na porsyento ng mga mag-aaral sa menoridad kaysa sa mga mag-aaral na puti maliban kung pupurgahin ng distrito ang lahat ng ‘subhektibong’ salik sa kanilang “koda ng pagdidisiplina” dahil katumbas ito ng ipinagbabawal na kota ng lahi – kahit nauna nang nalaman na gumawa ng diskriminasyon ang distrito ng paaralan laban sa lahi. *Mga Tao na Nagmamalasakit*, 111 F.3d at 538.